

Taon XXXIX Blg. 12 Hunyo 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Itakwil ang panloloko ni Arroyo


ng tumitinding paghihirap ng mamamayan ay ibayo ngayong pinasasahol ng walang awat na pagsirit ng presyo ng langis, kuryente, pagkain at iba pa nilang saligang pangangailangan. Sa kabila nito'y patuloy na binabalewala ng rehimeng Arroyo ang mga sigaw ng bayan para sa dagdag na sahod,

pagbawas ng buwis, kontrol sa presyo at iba pa. Sa halip, naglunsad ang rehimeng Arroyo ng kampanya ng pamamahagi ng "subsidyo" na walang layon kundi pagtakpan ang responsibilidad nito sa krisis at higit pang makapagnakaw sa kabang-bayan.

"Katas" umano ng Value-Added Tax (VAT) ang mga

"subsidyo." Pero barya-barya lamang ito kung ikukumpara sa bilyun-bilyong pisong tinatabo ngayon nina Arroyo mula sa pabigat na buwis na nagpapataas sa presyo ng mga saligang bilihin at serbisyo. Walang ibang pakay ang pakanang ito kundi ang pagmukhaing mapagmalasakit ang rehimen at kapaki-pakinabang ang VAT. Tulad ng iba pang kaso ng "subsidyo" ng rehimen, tiyak na ang bulto ng ilampung bilyong pisong nakalaan para rito ay ibubulsa at gagamitin lamang sa panunuhol at pandaraya nina Arroyo sa darating na eleksyon.

Pilit na pinagtatakpan ni Arroyo ang kanyang kriminal na pananagutan sa walang kaparis na paghihirap at kaapihan ngayon ng mamamayan. Atrasado at wasak ang industriya at agrikultura, napakataas ng mga presyo ng mga serbisyo at bilihin at laganap ang disempleyo at kagutuman. Bunga ito ng pangangayupapa ng rehimeng Arroyo sa mga patakaran ng "globalisasyon" na dikta ng imperyalismong US at ng walang habas na pa-



Mga tampok sa isyung ito...

Panlolokong mga "subsidyo" PAHINA 3

Pinabibilis na pagtaas ng presyo ng langis PAHINA 4

19 na armas nasamsam ng BHB sa mga reyd PAHINA 8 ngungurakot at pandarambong nina Arroyo at mga kakutsaba niyang matataas na upisyal, negosyante at sindikatong kriminal.

Katambal ng malawakang panloloko ng rehimen, buong lupit nitong inilulunsad ang todo-largang gera laban sa mga rebolusyonaryo at patrivotikong pwersa at laban sa mamamayan sa pangkalahatan. Libu-libo na ang biktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, iligal na pang-aaresto, pagkulong at pagtortyur. Milyun-milyong mamamayan na ang biktima ng mga pambobomba, blokeyo sa ekonomya at sapilitang pagpapalikas ng buu-buong mga komunidad, malawakang panunupil at terorismo.

Galit na galit na ang mamamayan at ihinihiyaw nila ang pagwawakas sa rehimeng walang pakundangang nagpapasidhi sa kanilang mga paghihirap at kaapihan.

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa buong sambayanan na pag-ibayuhin ang hayag, armado at iba pang paraan ng mga pakikibaka laban sa labis na pahirap ng naghaharing rehimen at sistema.

Hinihikayat ng PKP ang mama-

mayan na humugos sa lansangan at gamitin ang iba pang anyo ng protesta para puspusang ilantad ang mga kasalanan at mga pagkukunwari ng rehimeng US-Arroyo at ipakita ang sukdulan nilang galit at

militanteng paglaban dito.

Ang mga rali, martsa, konsvertong pamprotesta, pagpapalabas nq mga bidyo at iba pang pagtatanghal pangkultura, mqa porum at pulong bayan, alternatibong paaralan, walkout mula sa eskwelahan at upisina, mga protesta sa

pabrika, tigil-pasada, noise barrage, boykot at iba pang anyo ng kolektibong aksyong protesta ay magsisilbing mabisang mga ambag sa pangkalahatan at pambansang kilusang protesta.

Dapat pag-ibayuhin ng mga aktibista ang kanilang mga pagsisikap at maging malikhain sa pagmumulat, pagpapaunlad sa kaisipan, pag-oorganisa at pagpapakilos ng milyun-milyong mamamayan sa

mga komunidad at eskwelahan at sa mga pabrika, bukid, plantasyon at iba pang lugar ng trabaho. Dapat ding buuin ang iba't ibang antas ng alyansa sa lahat ng progresibo, demokratiko at positibong

> pwersa para mabuo ang pinakamalawak na pagkakaisang anti-Arroyo, lalong mahiwalay ang kinamumuhiang rehimen at mapabilis ang pagpapabagsak dito.

> Kaalinsabay nito, dapat mahikayat at madala sa larangan ng armadong rebolusyonaryong pakikibaka

ang pinakamalaking bilang ng mamamayan sa kanayunan, at sa mga maralitang komunidad, pabrika, paaralan at iba pang lugar sa mga kalunsuran at kabayanan. Hindi sila nalilinlang sa mga palabas at pagkukunwari at hindi sila tumitiklop sa bangis at lupit ng reaksyunaryong estado. Puspusan at matataq silang lumalaban. Batid nilang patungo na lamang sa hukay ang kasalukuyang bulok, magnanakaw, mapanlinlang at mapanupil na reaksyunaryo at papet na rehimen at ang kabuuan ng naghaharing malakolonyal at malapyudal na sistema.

Pinalalawak nila ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa, itinatayo nila ang mga lokal na organo ng kapangyarihang pampulitika, isinusulong ang rebolusyong agraryo at iba pang pakikibakang masa sa mga larangang gerilya at aktibong lumalahok sa armadong pakikibaka. Nakahanda silang suungin ang landas ng tuluy-tuloy, matagalan at puspusang pakikibaka para kamtin ang rebolusyonaryong pagbabago hanggang sa matamasa ang pambansang kalayaan, demokrasya at sosyo-ekonomikong kaunlaran.



Taon XXXIX Blg. 12 Hunyo 21, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Itakwil ang panloloko ni Arroyo	1
Panlolokong mga "subsidyo"	3
Pagtaas ng presyo ng langis	4
Panghihimasok ng US	5
Lumalaganap na pagtutol	6
<b>Pananalanta ng pasistang estado</b> Militarisasyon sa Negros	7
Matatagumpay na TO	
19 na armas nasamsam ng BHB	8
Balita	9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

### Panlolokong mga "subsidyo"

atbat ng anomalya ang proseso ng "pamumudmod" ng limos na mga "subsidyo" ng Malacañang. Noong unang mga araw lamang may pakitang-taong pagdaraan pa sa proseso ng pamamahagi ng "subsidyo" sa mga upisyal na bangko o tanggapan ng gubyerno at may kinakailangang sunding mga proseso at rekisitos. Pero makaraan ang ilang araw lamang na pagpapalabas sa masmidya, naging bara-bara na ang "pamamahagi" at wala nang anumang matinong proseso at pagtutuos katulad ng nangyari sa ibang mga anomalya at malalaking kaso ng korapsyon ng rehimen.

Sa katunayan, ang pagtatanggal na ng mga proseso at pagtutuos ay sinadya nina Arroyo para mas madaling masarili ang bulto ng mga "subsidyo" na kunwari na lamang ipinamamahagi.

Walang matinong proseso, walang pagtutuos. Kitang-kita ito sa pamimiqay ng subsidyo sa kuryente. Noong una'y ipinadaraan pa ito sa mga sangay ng Land Bank of the Philippines (LBP) at inoobliga pa umano ang mga "lifeline consumer" (mga mahihirap na konsyumer ng kuryente na mangangailangan ng "subsidyo") na magdala ng balidong ID at billing statement mula sa MERALCO na nagpapatunay na di lumalampas sa 100 kWh ang konsumo nila sa kuryente noong Mayo. Ngunit hindi na aktwal na hiningi ng LBP ang mga billing statement. Makaraan ang ilang araw, ipinasa na ang pamumudmod ng mga "subsidyo" sa iba't ibang daluyan sa mga lokalidad, kabilang na ang mga lokal na gubverno, lokal na tanggapan ng Department of Social Welfare and Development, mga barangay center, mga sports complex at kung anu-ano pa.

Ganito na rin ang nangyayari sa iba pang pakanang "subsidyo" sa mahihirap. Sadyang ginawang maluwag at magulo ang mga "pamumudmod" upang hindi na masundan ang aktwal na dalov ng pondo, mapadali ang pagkurakot ng kalakhan ng pondo para sa mga "subsidyo" at di matukoy kung sino at paano ito pinaglilimas nina Arroyo at mga alipures niva.

Walang katapusan ang ganitong mga pakulo ni Arroyo:

Pera para sa kuryente. Naghuhugas-kamay ang rehimen sa pananagutan nito sa panibagong pagtaas ng singil ng Manila Electric Company (MERALCO). Para palabasing nagmamalasakit si Arroyo sa mahihirap na konsyumer ng kuryente, kunwa'y namumudmod ngayon ang kanyang rehimen ng isahang bigay na ₱500 sa apat na milyong mahihirap na konsyumer ng kur-

yente. Inilunsad ang tinaguriang "Katas ng VAT, Pantawid Kuryente" nitong Hunyo 3. Umaabot sa ₱2 bilyon ang inilaang pondo para rito.

Limos na pagkain. Tuluy-tuloy and "pamumudmod" ni Arroyo ng bigas ng National Food Authority (NFA) sa presyong ₱25 kada kilo bilang sagot umano sa nagtataasang presyo ng komersyal na bigas. / Sa katunayan, sa maraming lugar, hindi na lamang ₱25 kundi umaabot na sa ₱35 kada kilo—o mababa na lamang nang ilang piso sa komersyal na bigas—ang ibinebenta ng NFA. Gayun-

man, sinumang nais makabili nito ay dapat tumubos ng tinaguriang family access card. Maanomalya ang proseso ng pamamahagi ng naturang kard at laganap dito ang padrinuhan. Maramihang nangolekta ng mga kard na ito ang mga alipures ni Arroyo sa mga lokalidad. May mga ulat na pati mga patay ay nakabilang sa mga "nabiyayaan" ng naturang kard. Sa kabilang banda, higit na napakaraming maralitang pamilya ang hindi nabibigyan nito.

Voucher para sa drayber. Sa halip na tugunan ang kahilingan ng mga namamasada ng mga pampublikong sasakyan na tanggalin na ang VAT sa langis, tatlong bilyong piso umano mula rito ang balak gastusin ng rehimen kada tatlong buwan bilang "subsidyo" sa pampublikong transportasyon. Gagawin umano ito sa anyo ng diskwentong P2 kada litro para sa mga drayber ng dvip, bus at taksi. Pero bago makuha ang diskwento, kailangan munang mamalimos ang mga drayber sa Malacañang para makakuha ng gayong *voucher*.

Kumbersyon ng mga dyipni sa LPG. Isang bilyong piso naman mula sa "Katas ng VAT" ang inilalaan umano ng rehimen para maibaling sa paggamit ng liquefied petroleum gas (LPG) and makina nd mga dyip nilang gumagamit ng krudo. Magpapahiram daw sa mga drayber ng pampasaherong dyip ng tig-

₱70,000 na babayaran nila sa halagang ₱80 kada araw nang walang interes sa loob ng dalawang taon kung balak nilang

ikombert ang kanilang mga makina. Ang Development Bank of the Philippines at Postal Savings Bank ang pinamahala sa pagpapahiram, ngunit walang inilinaw na mga proseso para rito.

**Abono.** Inianunsyo ng Malacañang na mamumudmod ito sa bawat magsasaka ng mga kupon na nagkakahalagang tig-P1,500 para makaagapay umano sila sa nagtataasang presyo ng abono. Ang "subsidyong" ito ay bahagi umano ng ₱43.5-bilyong programa para sa pagpapaunlad ng produksyon ng bigas sa bansa. Bubuuin umano ito ng ₱1,000 mula sa lokal na qubyerno at \$\P\$500 mula sa pambansang gubyerno sa pamamagitan ng Department of Agriculture. Pero bago ito makuha ng mga magsasaka, obligadong magtrabaho muna sila nang ilang panahon sa kanilang mga lokal na pamahalaan. Asahang magagaya lamang ito sa pekeng "pamumudmod" ng abono sa ilalim ng pakanang Ginintuang Masaganang Ani noong 2004.

Pautang para sa mga estudyante. Isang bilyong pisong halaga ng mga scholarship ang umano'y "ipamumudmod" ng rehimen sa ilampung libong estudyanteng hindi makapag-aral dahil sa nagtataasang gastos sa edukasyon. Hindi ito libre at babayaran ito ng mga estudyante at kanilang mga magulang. Pakulo naman ito ni Arroyo matapos mabigo ang palabas niyang pagpapatigil sa pagtaas ng mga pampublikong kolehiyo ng matrikula ngayong taon.

Sa akwal na karanasan ng mga estudyanteng nag-aaplay para sa scholarship, napakahirap ng dinaraanan nilang proseso at karamihan ay tinatanggihan kahit na lubhang nangangailangan ng subsidyo. Iginigiit ng mga demokratikong organisasyon ng mga estudyante na sa halip na mga kunwang "subsidyo," nararapat lamang na gawing libre ang edukasyon para sa lahat.

# Pinabibilis ang labis na pagtaas ng presyo ng langis

ng kasalukuyang napakataas na presyo ng langis ay itinatakda pangunahin ng pandaigdigang kartel sa langis na may monopolyong kontrol sa produksyon, pagrerepina, distribusyon at pamilihan ng langis.

Dagdag sa dati nang monopolyong pagpepresyo, lalo pa nilang pinabilis ang pagsirit ng presyo ng langis sa pamamagitan ng manipulasyon sa pamilihan, partikular sa kalakalan ng tinaguriang oil futures. Dito'y ginagamit nila ang sobra-sobrang tubo at nakikipagsabwatan sila sa malalaking kapitalista sa pinansya upang ibayo pang pasiritin ang presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan.

Sinasamantala nila ang iba't ibang mga pangyayari—ang paghina ng dolyar at napipintong resesyon sa US, ang lumalalang gera ng US sa Iraq at Central Asia, ang banta ng paglusob sa Iran at tuluy-tuloy na kaguluhan sa iba pang bahagi ng Middle East at Africa at ang papalaking tunguhin ng pandaigdigang demand sa langis—upang bigyang-katwiran ang tuluy-tuloy at ibayo pang artipisyal na pagpapataas ng presyo.

Naging napakabilis ng pagsirit ng presyo ng langis nitong nagdaang mga taon. Mula \$55 noong 2005 at \$60 noong Hunyo 2006, ang presyo ng bawat bariles ng krudo ay umabot na sa halos \$140 nitong unang linggo ng Hunyo at patuloy pa itong sumisirit. Ang gayong mabilis na pagtaas ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan ay isinasangkalan ng mga dayuhang kumpanya ng langis sa ibayo pang pagtataas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa lokal na pamilihan.

Tumatabo ngayon ang mga monopolyong kumpanya ng langis ng napakalalaking supertubo bunsod ng mabilis at sobrang pagtaas ng presyo ng langis. Noong 2007, umabot sa \$155 bilyon ang pinagsama-samang tubo ng mga kumpanya ng langis. Pitumpu't limang porsyento ng tubong ito ay kinamal ng pinakamalalaking kumpanya—mahigit \$40.61 bilyon sa Exxon Mobil, \$31 bilyon sa Royal Dutch Shell, \$18.7 bilyon sa Chevron at \$18.66 bilyon sa Total France.

Ang oil futures ay mga kontrata sa pagbili ng langis sa isang takdang presyo sa hinaharap sa pagitan ng malalaking prodyuser at bumibili ng langis. Ang mga kontratang ito ay kinakalakal tulad ng mga sapi

Manipulasyon sa oil futures.

ay kinakalakal tulad ng mga sapi sa New York Mercantile Exchange (NYmex) at sa Intercontinental Exchange (ICE) Futures sa London.

Kabilang sa pangunahing namumuhunan sa oil futures ang pinakamalalaking kapitalista sa pinansya tulad ng Goldman Sachs, Morgan Stanley, Citigroup at JP Morgan Chase sa US at Deutsche Bank sa Germany. Nasa interes ng mga ito na pataasin ang presyo ng langis upang lumaki ang halaga ng kanilang mga puhunan. Minamanipula nila ang presyo ng langis sa pamamagitan ng sadya at sistematikong pagpapakalat ng mga balita na makaaapekto sa presyo. Noong nakaraang buwan, inianunsyo ng Goldman Sachs na aabot sa US\$200 kada bariles ang presyo ng langis sa loob ng isa hanggang dalawang taon dahil umano sa tinatayang 35% paglaki ng konsumo.

Dahil naman sa tantyang pagtaas ng presyo ng langis, ang tendensya ng mga prodyuser at nagrerepina ng langis ay palakihin ang kanilang imbentaryo at itago ito habang hinihintay ang pagtataas ng presyo sa pamilihan. Kumikita rin sila ng malaki sa pamamagitan ng pagbebenta ng langis sa presyong ibayong mas mataas sa aktwal na gastos nito sa produksyon. Bunga nito, sabayang umiiral ang mataas na presyo ng langis at malaking suplay nito.

Dahil sa ispekulasyon sa oil futures, lumolobo ang presyo ng langis nang lagpas sa aktwal na halaga nito. Sa mga pag-aaral ng Senado ng US noon pang 2006, tinataya na ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan ay sobra nang 60% sa aktwal na halaga nito.

Madaling namamanipula ng malalaking kapitalista ang oil futures dahil walang anumang umiiral na regulasyon dito. Mabilis na lumaki nitong huling mga taon ang mga transaksyon sa oil futures. Sa loob ng nakaraang limang taon, lumaki nang 20 ulit ang kalakalan sa oil futures at umabot na ito sa mahigit \$130 bilyon. Ang mga transaksyon sa oil futures ang pangunahing nasa likod ng 300% pagtaas sa presyo ng langis nitong nakaraang tatlong taon.

Sa laki ng impluwensya ng mga kapitalista sa pinansya sa pagpapasirit ng presyo ng langis, may mga panukala na ngayon sa US at iba pang bansa na isailalim na sa regulasyon ang mga transaksyon sa oil futures. Ang gubyerno ng Malaysia ay naqpapanukala na ng suspensyon ng lahat ng transaksyon sa oil futures sa buong daigdig. Sa Germany, nagpapanukala na rin ang namumunong Social Democratic Party na lubusan nang itigil ang mga transaksvon sa oil futures. Maging ang IMF ay nagpahayag na ng pagkabahala sa papel ng mga ispekulador sa pagtaas ng presyo ng langis.

Bilyun-bilyong kurakot sa buwis sa langis. Nagkukunwa ang rehimeng US-Arroyo na wala itong magawa upang pigilan o kontrolin ang tuluy-tuloy at matarik na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo nitong nagdaang mga buwan. Ang totoo, masayang-masaya ang rehimeng Arroyo sa bawat pagtaas ng presyo ng langis, dahil sa bawat patong sa presyo nito, lumalaki rin ang nakukulektang buwis sa anyo ng 12% Value-Added Tax (VAT).

Noong isang taon, mahigit 50% ng kabuuang koleksyon ng gubyerno sa buwis na ito ay nagmula sa VAT na ipinapataw sa mga produktong petrolyo (P54 bilyon). Tinatayang ang VAT na nakukulekta mula sa bawat litro ng gasolina ay \$\P4.34\$ noong 2006 at ₱4.38 noong 2007. Dahil sa tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo mula noong Mayo, umaabot na sa P5.06 kada litro ang kinukulektang buwis ng gubyerno mula sa VAT na ipinapataw dito. Maaaring umabot pa ito sa ₱7.20 kada litro kung magpapatuloy and matarik na pagtaas ng presyo ng langis. Laking tuwa ng rehimeng US-Arroyo sa pagtaya ng Department of Finance na kapag di bumaba ang pandaig-

Pacific Partnership 2008

## Panghihimasok na nagkukunwang makatao

Tinutulungan ng US ang militar sa Pilipinas na supilin ang isang klasikal na insureksyon. Sa pagsasagawa nito, magkasinghalaga ang pagpatay sa isang ekstremista at ang pagtatayo ng mga paaralan, pag-aayos ng mga tulay o paglulunsad ng misyong medikal."

Ganito ang harap-harapang paliwanag ni Admiral Mike Mullen, hepe ng Joint Chiefs of Staff ng US Armed Forces, ukol sa pakay ng umaabot sa 3,000 sundalong Amerikano na dumating sa bansa noong nakaraang buwan. Ang naturang mga sundalo ay kalahok sa tinaguriang Pacific Partnership 2008 (PP2008), na isa umanong makataong misyong medikal at pangkonstruksyon.

Malinaw sa mismong mga salita ni Admiral Mullen na ang sinasabing mga misyon ay pakitang-tao at bahagi lamang ng interbensyong militar ng US sa bansa. Ang mga operasyong pinagtulungan ng US Navy at AFP sa ilalim ng PP2008 ay naglalayong palakasin ang kontra-rebolusyonaryong Oplan Bantay Laya 2 laban sa BHB at MILF.

Ang PP2008 ay isinasagawa ng militar ng US sa mga prayoridad na erya na malakas ang armadong rebolusyonaryong paglaban. Dumaong noong Mayo 10 sa Calbayog City sa Samar at sa Cotabato City sa Mindanao noong Mayo 29 ang barkong USN Mercy, lulan ang mga tropang Amerikano.

Gamit ang mga tauhang medikal at mga inhinyero, layunin ng mga tinataguriang "humanitarian mission" ang makapagtatag ng presensya sa naturang mga lugar upang makapaglunsad ng iba't ibang mga operasyon doon. Kabilang sa mga ito ang paglalatag ng kanilang sistema ng komunikasyon, pagsasarbey ng tereyn at populasyon at iba pa.

digang presyo ng langis sa \$100 kada bariles ay makakokolekta ito ng ₱18 bilyon mula sa VAT sa langis sa loob ng isang taon.

Bunga nito, sadyang nagbibingi-bingihan ang rehimeng US-Arroyo sa sigaw ng mamamayan na ibasura na ang buwis na ito. Binibigyang-matwid pa ito ni Arroyo sa pamamagitan ng gimik na "Katas ng VAT" kung saan nagpapamudmod ito ng umano'y subsidyo sa mahihirap na pamilya. Ang totoo'y ginagamit ang pakanang ito bilang dagdag na daluyan ng higit pang

korapsyon.

Iginigiit ng mga progresibong organisasyon ang pag-aalis ng VAT sa langis. Magdudulot ng di hamak na mas malaking pakinabang sa mamamayang Pilipino ang pag-aalis ng VAT kaysa sa pakitang-tao lamang na pamimigay ng mga "subsidyo." Kapag nawala ang VAT, tinatayang sa araw-araw ay makatitipid ng mahigit P150 ang mga drayber ng dyip, P25 ang mga drayber ng traysikel at P55 ang mga mangingisdang gumagamit ng mga bangkang de motor.

#### Lumalaganap na pagtutol

ibu-libong mamamayan ang naglunsad ng mga kilos-protesta sa iba't ibang dako ng mundo bunsod ng tuluy-tuloy na pagsirit ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan. Sa kasalukuyan ay umaabot na sa \$140 kada bariles ang presyo ng langis at tinatayang tataas pa tungong \$200 sa darating na mga buwan.

Sa European Union. Mahigit 90,000 drayber ng trak sa Spain, France at Portugal ang naglunsad ng walang taning na tigil-trabaho na nagsimula noong Hunyo 9 para igiit sa kanilang mga gubyerno na tulungan silang makaagapay sa patuloy na pagtaas ng presyo ng langis.

Halos naparalisa ang mga planta ng kotse sa Spain at ang pangunahing paliparan sa Portugal dahil ipinagbawal ng mga awtoridad noong Hunyo 11 ang pagpapagasolina ng mga eroplano bunga ng tumitinding kaguluhan at kakulangan ng suplay. Ang ikatlong araw ng protesta ay nakaparalisa sa mga lansangan, nagresulta sa mahabang pila ng mga sasakyan, kakulangan ng mga sariwang produkto sa mga pamilihan at pagkasaid ng suplay sa ilang qasolinahan.

Inihinto o binawasan ang produksyon ng mga planta ng sasakyan sa Spain tulad ng Seat, Nissan, Renault, PSA Peugeot Citroen at Mercedes Benz bunsod ng kakulangan ng mga pyesa bunga ng welga. Sa Belgium, ang mga planta ng sasakyang Volvo at Audi ay napilitang magsara noong Huwebes.

Noong Hunyo 12 naman, naglunsad rin ng apat na araw na welga ang mahigit 600 drayber ng trak na nagdedeliber ng gasolina sa mga istasyon ng Shell sa Britain. Iginiit nila ang pagtataas ng kanilang sweldo sa Hoyer & Suckling, kontratista ng Shell. Humihingi rin sila ng parte sa napakalaking tubo ng Shell.

Sa Asia. Sa Nepal, nagpapatuloy ang protesta laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Nagsimula ang serye ng mga demonstrasyon sa kabisera ng Kathmandu noong Hunyo 19 nang harangin ng mga estudyante ang daloy ng trapiko at pagbabatuhin ang sasakyan ng punong mahistrado ng Korte Suprema para igiit ang pagrolbak sa mga presyo ng produktong petrolyo. Ang 25% pagtaas sa presyo ng gasolina at krudo nitong buwan ay nagbunga ng 35% pagtaas sa pamasahe sa bansa.

Sa South Korea, nagprotesta noong Hunyo 13 ang mga drayber ng trak laban sa pagtaas ng presyo ng langis at para sa garantisadong minimum na sweldo. Ang welga ay nakaparalisa sa karamihan ng mga daungan sa South Korea, kabilang ang Busan kung saan dumadaong ang 76% ng mga barkong pumupunta sa South Korea. Ang nasabing welga ay kasunod ng nangya-

ring protesta sa desisyon ng gubyerno na buksan muli ang pag-iimport ng karne mula sa US.

Bago ito, naglunsad na ng pambansang kilos-protesta ang iba't ibang sektor ng mamamayan sa India sa pamumuno ng Communist Party at mga partidong oposisyon laban sa desisyon ng gubyerno na itaas nang 10% ang presyong langis.

Ang mga estadong pinamumunuan ng Communist Party of India tulad ng West Bengal, Tripura at Kerala ay lubos na naparalisa ng welga. Sa Calcutta, nagsara ang mga tindahan, palengke, eskwelahan at kolehiyo. Naantala ang mga byahe ng eroplano mula at patungong Calcutta. Ang mga sasakyan kabilang ang mga bus at *tram* ay pumarada lamang sa gilid ng mga daan at maraming mga empleyado sa mga upisina ng gubyerno ang hindi pumasok sa trabaho.

Kasabay ng kilos=protesta sa India, iginigiit naman ng mga partidong oposisyon sa Malaysia ang pagrorolbak ng presyo ng langis. Nagbabalak ding magwelga ang mga drayber ng trak sa Thailand.

Sa Pilipinas, sinabuyan ng mga nagpoprotestang estudyante ng pulang pintura at mga bulok na kamatis ang upisina ng Petron sa Makati Cty nitong Hunyo 20. Ang Petron ang isa sa tatlong pinakamalalaking kumpanya ng langis sa bansa. Iginiit ng mga estudyante ang pagbasura sa Oil Deregulation Law at sa 12% VAT na nakapataw sa mga produktong petrolyo.



## Matinding militarisasyon sa Negros

atinding militarisasyon ang pinaiiral ngayon ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) kapwa sa kalunsuran at kanayunan ng Negros. Isinasagawa ang malulupit na operasyong militar sa desperadong layuning supilin at durugin ang rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa isla.

Dalawang brigada ang itinambak ng AFP sa isla, kabilang ang 302nd Bde na mula pa sa Bohol. Nasa ilalim nito ang apat na batalyon (61st, 11th, 15th at 19th). Nasa ilalim naman ng 303rd Bde ang 78th at 79th IB. Dagdag dito ang 1st Scout Ranger Battalion at ang 32nd at 33rd Reconnaissance Coy ng 3rd ID. Narito rin ang dalawang kumpanya ng 12th IB CAFGU handlers na namumuno sa mahigit 2,000 elemento ng CAFGU. Kabilang din sa mga pwersang nakakasa laban sa rebolusyonaryong kilusan isang batalyon ng PNP Regional Mobile Group at apat na kumpanya ng PNP Provincial Mobile Group.

Kasalukuyang dinidiinan ng AFP ang Central Negros, laluna ang bayan ng Guihulngan. Dito'y malawakang terorismo ang inihahasik ng militar. Kaliwa't kanan ang pagyurak sa mga karapatang-tao. Nagsagawa ng sensus ang mga sundalo, kinunan ng litrato ang bawat residente at pinilit na kumuha ng mga sedula. Ayon sa mga ulat, may mga kaso na ng panununog ng mga bahay, panggagahasa at harasment na isinasagawa ang mga elemento ng 11th IB sa Barangay Linantuyan at Trinidad ng naturang bayan. Ang barangay hall ng Linantuyan ay inokupa at ginawang detatsment ng mga sundalo.

Kaakibat ng militarisasyon sa kanayunan, ginigipit ngayon ang mga lider ng hayag na demokratikong kilusan. Pilit iniuugnay sa rebolusyonaryong armadong kilusan si Rone Quirante, tagapangulo ng KAUGMAON (Kapunungan alang sa

Ugma sa Gagmay'ng Mag-uuma sa Negros Oriental) sa Barangay Trinidad. Ang KAUGMAON ay kapatid na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Giniqipit din si Lourdes Baloy, tagapangulo ng Pamabali (Panaghiusa sa mga Maguuma sa Barangay Linantuyan, isang kapatid na organisasyon ng KAUGMAON); at si Josephine Saquran, tagapangulo ng KARAPATAN sa Guihulngan. Ang asawa ni Saguran na si Waldo ay inaakusahan ng militar na myembro umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Noong Mayo ay inistraping ang bahay ng mag-asawang Saguran sa Barangay Linantuyan sa tangkang patayin si Waldo.

Noong kalagitnaan ng Mayo, anim na magsasaka ang dinukot ng mga elemento ng 11th IB mula sa kanilang mga tahanan sa Barangay Linantuyan. Ang mga biktima ay sina Genaro Ferolino at mag-asawang Pio at Magdalena Mata na pawang taga-Sityo Taklungan; mag-asawang David at Elizabeth Bahinting ng Sityo Kaningag; at isang nagngangalang Regie. Isinailalim sa matinding interogasyon ang magasawang Mata at pinaratangang "tagakolekta ng rebolusyonaryong buwis" si Bahinting. Pinagsampa ng gawa-gawang kaso ng pangingikil ang anim na magsasaka laban kay Baloy, na pinararatangan namang upisyal pampinansya ng BHB.

Bago ito, dalawang magsasaka—sina Benjamin Edoloverio at Julito Alban—ang iligal na inaresto ng mga elemento ng 79th IB noong Abril 1. Sina Edoloverio at Alban ay dinampot matapos mag-istraping ang mga sundalo sa bahay na tinutuluyan ni-



la. Ayon sa maybahay na si Rodelyn Taguiam, nagpatuloy sa pamamaril ang mga sundalo kahit isinigaw na niyang itigil ang istraping dahil baka matamaan ang kanyang mga anak. Ipinailalim sa matinding pisikal at sikolohikal na tortyur ang dalawang magsasaka.

Pinakahuling naiulat na kaso ang pagbabanta sa buhay nina Roldan Villarin at Abundio Sildora, kapwa mga residente ng Barangay Linantuyan at myembro ng Pamabali. Iniulat nina Villarin at Sildora na noong Hunyo 7 ay nakatanggap sila ng mensaheng *text* na kakatayin sila para magsilbing halimbawa sa iba dahil mga myembro umano sila ng BHB. Bago ito ay naipatawag na si Sildora sa detatsment ng 11th IB at pilit pinaaamin na upisyal paniktik siya ng BHB.

Kabilang sa opensiba ng militar ang pagkasangkapan sa Commission on Human Rights (CHR) sa Negros para makapaghugas-kamay ang militar sa mga paglabag nito sa karapatang-tao. Nitong Hunyo, inabswelto ng CHR ang 11th IB matapos nito umano imbestigahan ang mga napaulat na paglabag. Mariing binatikos ng KARAPATAN at Promotion of Church People's Response ang CHR sa pagsisilbi nitong tagapagtanggol ng teroristang AFP.

Sa kabilang banda, inaakusahan naman ng militar ang KARAPA-TAN na tagasuporta ng BHB dahil sa pagbibigay nito ng abugado at iba pang mga serbisyo sa mga biktima ng paglabag sa karapatangtao.

### 19 na armas, nasamsam

abinsiyam na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga reyd na inilunsad nito sa Compostela Valley, Abra at Eastern Samar nitong unang linggo ng Hunyo. Di naman bababa sa siyam na elemento ng kaaway ang namatay at 17 ang nasugatan sa sampung aksyong militar ng BHB sa iba't ibang lugar sa kapuluan mula Mayo 20. Sumusunod ang ilang panimulang ulat na nakalap ng *Ang Bayan*:

Hunyo 19. Nasugatan ang isang elemento ng CAFGU nang salakayin ng dalawang grupo ng mga Pulang mandirigma ang mga detatsment ng 28th IB sa Yugo, Mt. Diwata at Cliff Hanger, Sityo Depot, Upper Ulip, Monkayo, Compostela Valley.

Hunyo 14. Apat na sundalo ng 73rd IB ang namatay nang sila'y tambangan ng mga Pulang mandirigma ng 1st Pulang Bagani Command ng BHB. Pauwi noon ang mga sundalo sa kanilang kampo sa Sityo Odiongan, Barangay Fatima, Paquibato District, Davao City.

Hunyo 13. Tatlong tropang kabilang sa 42nd at 43rd Military Intelligence Companies at 29th IB ang nasugatan nang makasagupa ng kanilang pwersa ang mga gerilya ng BHB sa Sityo Tinupungan, Barangay Sta Cruz, Quezon, Bukidnon.

Hunyo 9. Apat na sundalo ang kaswalti nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng Alpha Company ng 17th IB sa Sityo Batangan, Barangay Mabuno, Gattaran, Cagayan. Namatay sa reyd ang detatsment kumander na si 1Lt. Neil Borja at nasugatan naman ang tatlong iba pa.

Hunyo 7. Labing-apat na ripleng Garand ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma nang salakayin nila ang detatsment ng 72nd CAFGU Battalion sa Barangay Linda, Nabunturan, Compostela Valley. Nagapi at nadisarmahan ng mga gerilya ang tatlong elemento ng CAFGU sa detatsment matapos ang

30 minutong labanan. Mabilis nilang nilimas ang armori at sinunog ang tatlong *bunker* sa detatsment.

Noong araw ding iyon, limang sundalo ang nasugatan, kabilang ang kanilang kumander na si S/Sgt. Francisco Millare nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang 14th Abra CAFGU Detachment sa Gangal, Sallapadan, Abra. Tatlong ripleng Garand ang nakuha roon ng mga gerilya.

Hunyo 6. Isang M16 at isang ripleng Garand ang nakumpiska ng mga gerilya ng BHB matapos nila makasagupa ang mga tropa ng 14th IB sa pagitan ng Barangay San Roque at Barangay Cagmanaba, Jipapad, Eastern Samar. Tat-

long sundalo ng kaaway ang namatay sa labanan.

Hunyo 3. Sugatan sina 1Lieutenant Mercado at 2Lieutenant Manimtim sa isang engkwentro sa pagitan ng mga Pulang mandirigma ng BHB at mga pwersa ng Philippine Army sa Barangay Pasian, Monkayo, Compostela Valley.

Mayo 29. Malubhang nasugatan ang dalawang sundalo nang hagisan ng bomba at paulanan ng bala ng mga gerilya ng BHB ang detatsment ng 58th IB sa Barangay Bolhoon, Surigao del Sur.

Mayo 27. Namatay si SPO4 Mario Javier, nakadestino sa Intelligence Division ng Police Regional Office, nang tambangan siya ng tatlong operatiba ng BHB sa Camarines Norte habang nangangalap ng impormasyon.

Mayo 20. Nasugatan si S/Sgt. Carlito Guimalan, isang ahenteng paniktik ng militar nang siya'y targetin ng mga pwersa ng BHB sa Barangay Ngan, Compostela, Compostela Valley.

#### Desisyon pabor sa pagmimina, kinundena

KINUNDENA ng mga grupong makakalikasan, taong-simbahan, mga progresibo at mamamayan ang pagpabor ng Court of Appeals (CA) sa pagpapatuloy ng operasyon ng pagmimina ng Oceana Gold Mining Inc. sa Didipio, Kasibu, Nueva Vizcaya noong Hunyo 10. Pansamantalang ipinatigil ng lokal na pamahalaan dito ang mga operasyon ng Oceana Gold noong Mayo.

Ayon sa lokal na pamahalaan, iligal ang mga operasyon ng Oceana Gold sa lugar dahil wala itong Financial and Technical Assistance Agreement (FTAA) na nagpapahintulot sa kumpanya na magmina roon. Gayundin, ang mga operasyon nito ay nagdudulot ng tensyon at karahasan sa mga komunidad ng Ifugao na naninirahan doon.

Binatikos din ni Bayan Muna Rep. Teddy Casiño at ilan pang kongresista ang desisyon ng CA lalupa't ilang araw lamang bago ang desisyon ay naglabas sila ng ulat ng mga paglabag ng Oceana Gold sa karapatang-tao ng mga residente sa lugar at proseso ng pagkuha ng pahintulot mula sa mga residente. Makailang beses nang sinalakay ng mga gwardya ng kumpanya ang mga residenteng nagpuprotesta rito. Isa na sa mga residente ang napatay.



#### Mahigit 1,600 ektarya ng Hacienda Luisita, binungkal na

**K**inumpirma ni Rene Galang, presidente ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA) at pinuno ng United Workers' Labor Union (ULWU) na sinasaka na ngayon ng mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita ang mahigit 1,600 ektarya rito.

Ang hakbang na ito ay inisyatiba ng mga manggagawang bukid sa asyenda at labas sa balangkas ng inutil na Comprehensive Agrarian Reform Program. Hanggang ngayon, hindi pa naipamamahagi ang mga lupain sa asyenda dahil wala pang pinal na desisyon dito sa kabila ng makailang beses nang deklarasyon umano ng iba't ibang ahensya ng gubyerno pabor sa mga manggagawa. Iniutos ng Korte Suprema ang pansamantalang pagpapatigil sa pamamahagi ng lupa ng asyenda pabor sa pagtutol ng pamilyang Cojuangco.

Nagbuo ang mga manggagawang bukid ng mga kooperatiba para sa sama-sama at organisadong pagkilos at tinamnan nila ng palay at gulay ang lupain.

Susi sa tagumpay ng mga manggagawang bukid dito ang kanilang determinasyong labanan ang stock distribution option (SDO) na ginamit ng pamilyang Cojuangco para ipagkait sa kanila ang lupang malaon na nilang ipinaglalaban. Nanawagan sila sa iba pang mga manggagawa at magsasaka ng asyenda na magtayo ng mga independyenteng kooperatiba at bungkalin ang lupa para sa kanilang kabuhayan.

Sinimulan nilang bungkalin ang naturang lupain nang pigilan ng Korte Suprema ang Department



of Agrarian Reform na ipatupad ang CARP noong 2007. Hiniling din ng mga manggagawang bukid sa Korte Suprema na ibasura ang SDO kung saan binigyan na lamang sila ng tig-kakaunting sapi sa korporasyon sa halip na ipamahagi sa kanila ang lupa.

Ayon kay Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), nabigo ang CARP na pigilin ang nakikibakang mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita na igiit ang kanilang karapatan na bungkalin ang lupain. Sa kabila ng maraming mga suliranin at pampulitikang mga balakid, nagtagumpay ang mga manggagawang bukid sa kanilang sariling inisyatiba, lakas at organisasyon at ngayon ay inaani na nila ang bunga ng mga ito.

Samantala, nagmartsa ang mga manggagawang bukid ng Hacienda Luisita para tutulan ang pagpapalawig pa ng CARP. Sa halip ay iginigiit nila na aprubahan ng Kongreso ang Genuine Agrarian Reform Bill (GARB) o House Bill 3059 na ipinanukala ng yumaong Anakpawis Rep. Crispin Beltran.

#### Pagpapabaya ng rehimen sa Pilipinang ginahasa sa Japan, binatikos

BINATIKOS ng GABRIELA ang rehimeng Arroyo sa pagpapabaya nito sa kaso ng isang Pilipinang ginahasa ng isang sundalong Amerikano sa Okinawa, Japan noong Pebrero.

Ang biktima, na ginahasa sa unang araw pa lamang ng pagtatrabaho sa Japan, ay natagpuang duguan sa isang hotel at kinailangang iospital nang isang linggo dahil sa tinamo niyang mga sugat. Hanggang ngayon ay kailangan pa niyang uminom ng mga gamot na pampatulog tuwing gabi dahil sa tindi ng *trauma* na kanyang naranasan.

Sa kabila ng gayon niyang kalagayan ay ibinasura

ng korte sa Japan ang kaso dahil sa kakukalangan umano ng ebidensya. Anang GABRIELA, walang narating ang kaso sa korte dahil sa kapabayaan ng gubyernong Arroyo at dahil wala itong anumang planong kalabanin ang US. Ngayong ibinasura na ng korte ang kaso, tuluyan nang pinabayaan ng rehimen ang biktima.

Dahil dito, dumulog na ang ina ng biktima sa GABRIELA, dahil ito na lamang ang bukas na tumulong sa kanila.

Hinihiling ng biktima na muling imbestigahan ng mga otoridad ng Okinawa ang kaso.



Taon XXXIX Blg. 12 Hunyo 21, 2008 www.philippinerevolution.net

Editoryal

## Itakwil ang panloloko ni Arroyo


ng tumitinding paghihirap ng mamamayan ay ibayo ngayong pinasasahol ng walang awat na pagsirit ng presyo ng langis, kuryente, pagkain at iba pa nilang saligang pangangailangan. Sa kabila nito'y patuloy na binabalewala ng rehimeng Arroyo ang mga sigaw ng bayan para sa dagdag na sahod,

pagbawas ng buwis, kontrol sa presyo at iba pa. Sa halip, naglunsad ang rehimeng Arroyo ng kampanya ng pamamahagi ng "subsidyo" na walang layon kundi pagtakpan ang responsibilidad nito sa krisis at higit pang makapagnakaw sa kabang-bayan.

"Katas" umano ng Value-Added Tax (VAT) ang mga

"subsidyo." Pero barya-barya lamang ito kung ikukumpara sa bilyun-bilyong pisong tinatabo ngayon nina Arroyo mula sa pabigat na buwis na nagpapataas sa presyo ng mga saligang bilihin at serbisyo. Walang ibang pakay ang pakanang ito kundi ang pagmukhaing mapagmalasakit ang rehimen at kapaki-pakinabang ang VAT. Tulad ng iba pang kaso ng "subsidyo" ng rehimen, tiyak na ang bulto ng ilampung bilyong pisong nakalaan para rito ay ibubulsa at gagamitin lamang sa panunuhol at pandaraya nina Arroyo sa darating na eleksyon.

Pilit na pinagtatakpan ni Arroyo ang kanyang kriminal na pananagutan sa walang kaparis na paghihirap at kaapihan ngayon ng mamamayan. Atrasado at wasak ang industriya at agrikultura, napakataas ng mga presyo ng mga serbisyo at bilihin at laganap ang disempleyo at kagutuman. Bunga ito ng pangangayupapa ng rehimeng Arroyo sa mga patakaran ng "globalisasyon" na dikta ng imperyalismong US at ng walang habas na pa-



Mga tampok sa isyung ito...

Panlolokong mga "subsidyo" PAHINA 3

Pinabibilis na pagtaas ng presyo ng langis PAHINA 4

19 na armas nasamsam ng BHB sa mga reyd PAHINA 8

#### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*